# Kadalian ng pag-implementa ng pagpapahalagang enbironmental sa Montessori metodo kumpara sa tradisyonal o kumbensiyonal na metodo sa pagtuturo

Mary Sarah L. Angoluan
Pamantasan ng De La Salle, Taft, Manila
Departamento ng Pilosopiya
sarahangolua@gmail.com

**Abstract:** Maria Montessori is one of the many philosophers who had focused on studying and researching methodologies to improve the pedagogies on teaching. After observing children with mental illness, Maria Montessori became interested on studying teaching methods into which she had produced her Montessori method. After using such method on people living on slums or out of school youths, Montessori realized that her students from the slums and students who are privileged on studying has the same results. This paper will focus only on the questions that 'which method of teaching is better when it comes to implementing environmental sustainability,' and in conclusion the researcher concludes that Montessori method has a great advantage due to one, students from a Montessori school have better feedback than students from a conventional schools, and second, environment has always been part of the montessori method thus making it easier for the student to captivate the values on environmental care. This paper will not tackle the question whether or not environmental law has been successfully implemented in the Philippines but will just focus on which method is better for it.

**Abstrak:** Si Maria Montessori ay isa sa mga pilosopong nagtuon ng pag-aaral at pananaliksik sa pagpapaunlad ng metodo sa pagtuturo maslalo

na sa preiskul. Ika nga niya, ang bawat indibidwal ay may sariling kakayahan turuan ang sarili, at dahil na rin sa masuring pananaliksik niya, nakagawa rin si Maria Montessori ng mga kagamitan na *self-*correcting. Subalit ano nga ba ang koneksyon nito sa pagpapahalagang enbironmental? Ang papel na ito ay nag-aral sa patunay na masmadaling gamitin ang paraan ng Montessori para sa pagpapatupad ng pagpapahalagang enbironmental sa kadahilanan na kalakip na mismo sa kurikula na *casa dei bambini* ang enbironmental na bahagi. Sa papel na ito, ipinakita rin ang kaibahan ng dalawang metodo ng pagtuturo, ang tradisyonal at ang Montessori pati narin ang pag-aaral kalakip kung ano ang mas epektibong gamitin. Subalit hindi kasama sa papel na ito ang problema patungkol sa kung napatupad na nga ba ang enbironmental law sa Pilipinas, maaari ngang may mga batas rito, subalit hindi kasama sa papel na ito kung napapatulad na ba ito, kundi nakapokus lamang ang papel na ito sa kung alin sa dalawa ang mas magandang metodo para sa pagpapatulad na ito.

**Keywords:** Montessori, traditional, environment, pedagogies

## Introduksyon

Si Maria Montessori ay isa sa mga pilosopong nagtuon ng pag-aaral at pananaliksik para sa pagpapaunlad ng pedagolohiya sa pagtuturo sa preiskul. Ang kurikulum ng *Casa dei Bambini* ay nakabase sa prinsipiyo ni Maria Montessori na ang bawat bata ay may '*sensitive periods'* na kung saan sa mga panahon na ito ay mas mabilis matuto ang mga bata. Ika nga niya, ang bawat bata simula ng kanilang kapanganakan ay nagtataglay ng *psychic powers* o *inner self-teacher* na naggagabay sa kanila sa natural at mabilis na pagkatuto kahit kaunti lamang ang pag-gabay na pagtuturo rito. Para kay Montessori ang kanyang metodo sa pagtuturo ay may dalawang importanteng bahagi, una ang indibidwal o ang bata

na may taglay sa *inner self-teacher* at pangalawa ang enbironment. Para kay Montessori ang enbironment o ang *casa* ay nagtataglay ng mga kagamitan na gagamitin ng mga indibidwal sa pagkatuto, dito matututo ang mga bata sa pagtuklas ng mga bagay bagay na maaaring magturo sa bata ng mga matematika, wika, kulay at iba pa. Na kung saan si Montessori mismo ang gumawa ng mga kagamitan para ito ay maging *self-correcting* sa mag-aaral. Dahil para kay Montessori, kahit na sabihin natin na may pisyolohikal na bahagi ang mga bata at may *inner self-teacher* ito, mahalaga parin nag enbironment upang impluwensiyahan at para paunlarin ang mga natural na kakayahan ng bawat indibidwal na ibinigay sa kaniya. Para kay Montessori, sa pamamagitan ng pagkikipagugnayan ng indibidwal at enbironment, natututo kaagad ang bawat indibidwal na may kaunti lamang na gabay sa mga guro. (Montessori, 2004)

Para sa mananaliksik, kumpara sa tradisyonal na metodo ng pagtuturo masmadaling magkaroon ng pagpapahalagang enbironmental sa metodo ng Montessori sa kadahilanan sangkap na mismo ang enbironment sa pagtuturo sa Montessori, habang sa tradisyonal na metodo naman ay guro at bata lamang ang pangunahing bahagi sa pagtuturo. At ang mga kaalaman na itinuturo ng guro ito ay purong ideya at walang maayos na karanasan dahil sa kakulangan ng pagkalantad sa enbironment na siyang bahagi nga ng mga bata.

Ang layunin ng mananaliksik ay bigyan tuon na Montessori na metodo ng pagtuturo ay magandang pundasyon o simulain para sa pagpapahalagang enbironmental na nakikita natin na kakulangan sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo at dahil rito hinati ng mananaliksik ang papel sa 3 bahagi, una pagpapakita ng kakulangan sa tradisyonal na metodo ng pagtuturo, pangalawa, pagpapakita ng mga maaaring benepisyo sa pagtuturo ng Montessori sa pagpapahalagang enbironmental at pangatlo ay konklusyon.

**Tradisyonal na pagtuturo**

Ayon sa pag-aaral ni Pedro T. Orata sa kanyang nailimbag na artikulo na pinamagatang *Philippine Education Today* na ang responsibilidad ng guro ay laging dalawa, una ay upang magturo ng mga impormasyon at kaalaman na naaayon sa mga librong inatas na naaayon sa batas. Pagtuturo kung paano magbasa, magbilang at magsulat. At ang isa naman ayon kay Orata ay, pag-gabay sa mga mag-aaral mapaunlad ang kanilang buhay. Kung tutuusin, ang responsibilidad ng mga guro ay di lamang bilang tagapamahagi ng mga kaalaman o edukador, kundi maging lider o gabay upang maging maunlad ang kanilang pamumuhay. (Orata, 2017)

Ayon kay Orata, mayroon tayong 4 na uri ng pagkadalubhasa sa edukasyon, ito ang mga *arithmetic and language art*, *character training*, *social sciences* at *natural science*. Kung titignan natin dapat ang pagpapahalagang enbironmental ay nakaangkla sa *social sciences* at *character development*. Ayon kay Orata ang *social sciences* ay malaki ang pagkakaugnay sa komunidad at mga paaralan na kung saan binibigyan diin rito ang kahalagahan ng paglahok ng mga mag-aaral para sa aktibidad na makakapagpaunlad ng komunidad. Samantala, ang *character training* naman ay nakapokus sa pagpapahusay ng kaisipan ng mga mag-aaral sa mga problemang sosyal bilang isang mamamayan ng bansang Pilipinas. (Orata, 2017)

Kung titignan natin ang kurikula ng mag-aaral sa preiskul na inilabas ng DepEd may 7 itong pagkatutong dominyo ang mga ito ay: sosyo-emosyunal at kakayahang makipamuhay, kagandahang asal, kalusugang pisikal at kasanayang motor, sining, matematika, pikisal at likas na kapaligiran at *language literacy and communication*. Kahit na sabihin natin mayroon nga itong pagkakapareha sa mga subyek na itinuturo sa isang Montessori iskul, subalit nakatuon parin ang metodo ng pagtuturo sa tradisyonal na metodo sa 2 bahagi, guro at mag-aaral, mayroon ngang guro sa isang Montessori iskul subalit mag-aaral at enbironment ang pangunahing elemento habang ang guro ay ang sumusunod.

Ayon sa Montessori children's community, ayon kay Montessori, ito ang pagkakaiba ng isang montessoring metodo sa tradisyonal na metodo. (Traditional Education vs. Montessori, n.d.)

| Montessori | Traditional |
|---|---|
| The method respects individual differences. | Emphasis is on conforming to the group |
| The learning process is student-centered and emphasizes self-motivation. | Emphasis is on grades, punishments or rewards as motivating factors |
| Students are placed in multi-age classrooms so they may learn horizontally from observation of other work, directly and indirectly. | Students are grouped chronologically to suit teacher's pre-planned class lessons |
| Students learn at their own pace, free to complete a project or pursue a subject as deeply as they wish. | Subjects are taught in lecture form and students must change classes and attend all lessons at the same time |
| The classroom is used as a library for studying and completing projects: students are free to move as needed and are active participants in building their own knowledge. | Students work at desks, passively listening to the lecture. Passive learning is more tiring and the school work day has to be divided into periods with interruptions |
| Children are encouraged to teach, collaborate, and to help each other. | Most teaching is done by the teacher and collaboration is discouraged |
| Students avail themselves of concrete materials, designed to enhance conceptual thinking. These hands-on manipulations bring about knowledge which is based on experience. | Learning takes place primarily through memorization and repetition of abstract concepts. |
| Environment and method encourage self-discipline. | Teacher acts as primary enforcer of discipline |
| Child finds own errors through feedback from materials. | Errors in child's work highlighted by teacher |
| Uninterrupted work cycles. | Block time, period lessons |
| Schools meets needs of students. | Students fit mold of school |
| Students active, talking, with periods of spontaneous quiet, freedom to move. | Students are passive at desks |

Ayon rin sa pananaliksik ni Taylor Vlasak sa University of Wisconsin-River Falls na mas epektibo ang paraan ng Montessori sa pagtuturo kumpara sa isang tradisyonal na paraan. Sabi niya:

> "Montessori classrooms are based on cooperation, while traditional classrooms are based on competition". Montessori teachers promote inner discipline in children by letting students direct their own learning, rather than upholding an outer discipline where teachers act as authorization, by dictating to students how to behave and what to do, that may occur in a traditional education program. In addition to teaching and providing a "guide line" for children… Over all the Montessori based technique is more based off the students and giving them their own way of learning, whither it is in a small group, alone, or with little assistance from the teacher it has been studied and shows that it has had more success in the class room. According

> to the article Evaluating Montessori Education, the student-chosen work in long time blocks, the absence of grades and tests, and individual and small instruction has shown effectiveness in both academic and social skills… The study took place in Milwaukee, Wisconsin with a random selection of Montessori students and traditional students. All the students were at the age of 5 and they were given three cognitive/academic tests which measured academic skills related to school readiness. Examples of what these tests consisted of was letter-word identification, phonological decoding ability of words, math skills, and basic vocabulary. In the results the Montessori students achieved higher scores in all the categories except for the basic vocabulary, in which the two groups of students scored that the same… (Vlasak, 2016)

Ayon rin sa pag-aral ni Shivakumara K., Dhiksha J., at Nagaraj O., na patungkol sa *self-concept* mas mataas na di hamak ang mga mag-aaral ng Montessori school kumpara sa mag-aaral na nag-aral sa isang tradisyonal na paaralan. Ayon sap ag-aaral nila mataas ang *self-concept* ng mga mag-aaral mula sa isang Montessori na mayroon 98.9% na *self-concept* habang mayroon lamang 43.9% ang mga mag-aaral mula sa isang tradisyonal na paaralan. (Shivakumara, Dhiksha, & Nagaraj, 2016)

**Pagpapahalagang Enbironmental**

Subalit ano nga ang koneksyon nito sa Enbironmental na pagpapahalaga?

Ayon sa *international law* na kung saan ito ang nagbibigkis sa mga bansang sumang-ayon sa *international affairs* na mayroon tayong mga batas na kung saan dapat bigyan nating importansya ang enbironment, subalit madalas ang mga subyek na dapat magbigay diin sa pagpapahalagang enbironmental ay nagkukulang. Tignan na lamang ang curriculum na ibinigay ng Deped bilang pamantayan. Ika nga sa ang mga enbironmental na pamantayan ay bukas sa kaalaman ng publiko subalit dahil na rin sa walang rapat-dapat na batas na kung saan nagsasaad ng pagtangi sa ganitong impormasyon ang siyang natutulak upang

hindi ipasakorte ang ganitong mga panyayari. Gaya na nga lang ng Presidential Decree (PD) 1586: Philippine Environmental Impact System, kahit na mayroon nga tayong batas na may kaugnayan sa pagpapahalagang enbironmental subalit ang pagpapatupad nito ay kulang pa din.

Subalit kung ito naman ay ipapatupad, mas madali itong iangkla sa Montessoring paraan kumpara sa tradisyonal na paraan dahil bahagi na ito ng kanilang paraan ng pagtuturo.

## Konklusyon

Dahil na rin sa magandang metodo na nagawa ni Maria Montessori at dahil na din sa elemento ng enbironment na isa sa pangunahing elemento sa metodong Montessori, mas madaling ituro at ipatupad o ipamahagi ang pag-aaral o pagpapahalagang enbironmental sapagkat kabahagi na ito ng kanyang metodo.

# Sanggunian

______. (n.d.). *Traditional Education vs. Montessori*. Retrieved October 29, 2017, from Montessori Children's Community: http://montessorichildrenscommunity.org/traditional-education-vs-montessori/

_______. (n.d.). *Philippine Law on Environmental Pollution.* Retrieved October 29, 2017, from About Philippines: https://aboutphilippines.ph/files/Philippine-Laws-on-Environmental-Pollution.pdf

Adler, J., & Wilkinson, D. (1999). *Environmental Law a& Ethics.* Houndsmill: Macmillan Press.

Department of Education. (2016, May). *K to 12 Kindergarten Curriculum Guide May 2016.* Retrieved October 29, 2017, from Republic of the Philippines Department of Education: http://www.deped.gov.ph/k-to-12/curriculum-guides/kindergarten

Montessori, M. (2004). *The Montessori Method The Origin of an Educational Innovation: Including an Abrdiged and Anotated Edition of Maria Montessori's The Montessori Method.* (G. L. Gutek, Ed.) Lanham: Rowman & Littlefield Publishers Inc.

Orata, P. T. (2017). Philippine Education Today. *International Review of Education*, 159-173.

Shivakumara, K., Dhiksha, J., & Nagaraj, O. (2016, April 15). Efficacy of Montessori and traditional method of education on self-concept development of children. *International Journal of Educational Policy Research and Review, 3*, 29-35.

Vlasak, T. (2016, February 22). *Montessori Approach vs. Traditional Approach*. Retrieved October 29, 2017, from Teaching on Purpose: http://teachingonpurpose.org/journal/montessori-approach-vs-traditional-approach-to-assessment/